
4

# Filipino

## Kwarter 1 – Modyul 9

## Kuwento Mo, Isusulat Ko!

*(Pagsulat ng Kuwento ng Natatanging Tao)*



ALTERNATIVE DELIVERY MODE

PAG-AARI NG PAMAHALAAN
HINDI IPINAGBIBILI

**Filipino – Baitang 4**
**Alternative Delivery Mode**
**Kwarter 1– Modyul 9: Kuwento Mo, Isusulat Ko!**
**Unang Edisyon, 2020**

Isinasaad sa Batas Republika 8293, Seksiyon 176 na: Hindi maaaring magkaroon ng karapatang-sipi sa anomang akda ang Pamahalaan ng Pilipinas. Gayonpaman, kailangan muna ang pahintulot ng ahensiya o tanggapan ng pamahalaan na naghanda ng akda kung ito ay pagkakakitaan. Kabilang sa mga maaaring gawin ng nasabing ahensiya o tanggapan ay ang pagtakda ng kaukulang bayad.

Ang mga akda (kuwento, seleksiyon, tula, awit, larawan, ngalan ng produkto o brand name, tatak o trademark, palabas sa telebisiyon, pelikula, atbp.) na ginamit sa modyul na ito ay nagtataglay ng karapatang-ari ng mga iyon. Pinagsumikapang matunton ang mga ito upang makuha ang pahintulot sa paggamit ng materyales. Hindi inaangkin ng mga tagapaglathala at mga may-akda ang karapatang-aring iyon. Ang anomang gamit maliban sa modyul na ito ay kinakailangan ng pahintulot mula sa mga orihinal na may-akda ng mga ito.

Walang anomang parte ng materyales na ito ang maaaring kopyahin o ilimbag sa anomang paraan nang walang pahintulot sa Kagawaran.

Inilathala ng Kagawaran ng Edukasyon
Kalihim: Leonor Magtolis Briones
Pangalawang Kalihim: Diosdado M. San Antonio

**Bumuo sa Pagsusulat ng Modyul**

**Manunulat:** Meagan Alexis A. Almasco
**Editor:** Laila C. Namoro
**Tagasuri:** Rechie O. Salcedo
**Tagaguhit:** Emma N. Malapo
**Tagalapat:** Rey Antoni S. Malate
**Tagapamahala:** Regional Director: Gilbert T. Sadsad
CLMD Chief: Francisco B. Bulalacao, Jr.
Regional EPS In Charge of LRMS: Grace U. Rabelas
Regional ADM Coordinator: Ma. Leilani R. Lorico
Regional EPS-Filipino: Nora J. Laguda
CID Chief: Jerson V. Toralde
Division EPS In Charge of LRMS: Belen B. Pili

**Inilimbag sa Pilipinas ng** ________________________

**Department of Education – Region V**

Office Address: ____________________________________________
____________________________________________
Telefax: ____________________________________________
E-mail Address: ____________________________________________

4

# Filipino

## Kwarter 1 – Modyul 9

## Kuwento Mo, Isusulat Ko!

*(Pagsulat ng Kuwento ng Natatanging Tao)*

DepED
DEPARTMENT OF EDUCATION

# Paunang Salita

Para sa tagapagdaloy:

Malugod na pagtanggap sa asignaturang Filipino 4 ng Alternative Delivery Mode (ADM) Modyul para sa araling Pagsulat ng Kuwento ng Natatanging Kuwento ! .

Ang modyul na ito ay pinagtulungang dinisenyo, nilinang at sinuri ng mga edukador mula sa pampubliko at pampribadong institusyon upang gabayan ka, ang gurong tagapagdaloy upang matulungang makamit ng mag-aaral ang pamantayang itinakda ng Kurikulum ng K to12 habang kanilang pinanagumpayan ang pansarili, panlipunan at pang-ekonomikong hamon sa pag-aaral.

Ang tulong-aral na ito ay umaasang makauugnay ang mag-aaral sa mapatnubay at malayang pagkatuto na mga gawain ayon sa kanilang kakayahan, bilis at oras. Naglalayon din itong matulungan ang mag-aaral upang makamit ang mga kasanayang pan-21 siglo habang isinasaalang-alang ang kanilang mga pangangailangan at kalagayan.

Bilang karagdagan sa materyal ng pangunahing teksto, makikita ninyo ang kahong ito sa pinakakatawan ng modyul:

***Mga Tala para sa Guro***

Ito'y naglalaman ng mga paalala, panulong o estratehiyang magagamit sa paggabay sa mag-aaral.

Bilang tagapagdaloy, inaasahang bibigyan mo ng paunang kaalaman ang mag-aaral kung paano gamitin ang modyul na ito. Kinakailangan ding subaybayan at itala ang pag-unlad nila habang hinahayaan silang pamahalaan ang kanilang sariling pagkatuto. Bukod dito, inaasahan mula sa iyo na higit pang hikayatin at gabayan ang mag-aaral habang isinasagawa ang mga gawaing nakapaloob sa modyul.

Para sa mag-aaral:

Malugod na pagtanggap sa Filipino 4 ng Alternative Delivery Mode (ADM) Modyul ukol sa Kuwento Mo, Isulat Ko!

Ang modyul na ito ay ginawa bilang tugon sa iyong pangangailangan. Layunin nitong matulungan ka sa iyong pag-aaral habang wala ka sa loob ng silid-aralan. Hangad din nitong madulutan ka ng mga makabuluhang oportunidad sa pagkatuto.

Ang modyul na ito ay may mga bahagi at icon na dapat mong maunawaan.

| | |
|---|---|
| ***Alamin*** | Sa bahaging ito, malalaman mo ang mga dapat mong matutuhan sa modyul. |
| ***Subukin*** | Sa pagsusulit na ito, makikita natin kung ano na ang kaalaman mo sa aralin ng modyul. Kung nakuha mo ang lahat ng tamang sagot (100%), maaari mong laktawan ang bahaging ito ng modyul. |
| ***Balikan*** | Ito ay maikling pagsasanay o balik-aral upang matulungan kang maiugnay ang kasalukuyang aralin sa naunang leksyon. |
| ***Tuklasin*** | Sa bahaging ito, ang bagong aralin ay ipakikilala sa iyo sa maraming paraan tulad ng isang kuwento, awitin, tula, pambukas na suliranin, gawain o isang sitwasyon. |
| ***Suriin*** | Sa seksyong ito, bibigyan ka ng maikling pagtalakay sa aralin. Layunin nitong matulungan kang maunawaan ang bagong konsepto at mga kasanayan. |
| ***Pagyamanin*** | Binubuo ito ng mga gawaing para sa malayang pagsasanay upang mapagtibay ang iyong pang-unawa at mga kasanayan sa paksa. Maaari mong iwasto ang mga sagot mo sa pagsasanay gamit ang susi sa pagwawasto sa huling bahagi ng modyul. |
| ***Isaisip*** | Naglalaman ito ng mga katanungan o pupunan ang patlang ng pangungusap o talata upang maproseso kung anong natutuhan mo mula sa aralin. |
| ***Isagawa*** | Ito ay naglalaman ng gawaing makatutulong sa iyo upang maisalin ang bagong kaalaman o kasanayan sa tunay na sitwasyon o realidad ng buhay. |

| | |
|---|---|
| ***Tayahin*** | Ito ay gawain na naglalayong matasa o masukat ang antas ng pagkatuto sa pagkamit ng natutuhang kompetensi. |
| ***Karagdagang Gawain*** | Sa bahaging ito, may ibibigay sa iyong panibagong gawain upang pagyamanin ang iyong kaalaman o kasanayan sa natutuhang aralin. |
| ***Susi sa Pagwawasto*** | Naglalaman ito ng mga tamang sagot sa lahat ng mga gawain sa modyul. |

Sa katapusan ng modyul na ito, makikita mo rin ang:

| | |
|---|---|
| ***Sanggunian*** | Ito ang talaan ng lahat ng pinagkuhanan sa paglikha o paglinang ng modyul na ito. |

Ang sumusunod ay mahahalagang paalala sa paggamit ng modyul na ito:

1. Gamitin ang modyul nang may pag-iingat. Huwag lalagyan ng anumang marka o sulat ang anumang bahagi ng modyul. Gumamit ng hiwalay na papel sa pagsagot sa mga pagsasanay.
2. Huwag kalimutang sagutin ang *Subukin* bago lumipat sa iba pang gawaing napapaloob sa modyul.
3. Basahing mabuti ang mga panuto bago gawin ang bawat pagsasanay.
4. Obserbahan ang katapatan at integridad sa pagsasagawa ng mga gawain at sa pagwawasto ng mga kasagutan.
5. Tapusin ang kasalukuyang gawain bago pumunta sa iba pang pagsasanay.
6. Pakibalik ang modyul na ito sa iyong guro o tagapagdaloy kung tapos nang sagutin lahat ng pagsasanay.

Kung sakaling ikaw ay mahirapang sagutin ang mga gawain sa modyul na ito, huwag mag-aalinlangang konsultahin ang inyong guro o tagapagdaloy. Maaari ka rin humingi ng tulong kay nanay o tatay, o sa nakatatanda mong kapatid o sino man sa iyong mga kasama sa bahay na mas nakatatanda sa iyo. Laging itanim sa iyong isipang hindi ka nag-iisa.

Umaasa kami, sa pamamagitan ng modyul na ito, makararanas ka ng makahulugang pagkatuto at makakakuha ka ng malalim na pang-unawa sa kaugnay na mga kompetensi. Kaya mo ito!


## *Alamin*

Magandang araw sa iyo, kaibigan! Kumusta? May kilala ka bang natatangi at kahanga-hangang mga tao sa inyong pamayanan? Ano kaya ang taglay nilang katangian at kung bakit sila tinawag na natatangi? Nagawa mo na ba silang kausapin o kaya ay kumustahin man lamang? Ano nga kaya ang kanilang ginawa upang mapagtagumpayan at malagpasan ang mga pagsubok na kanilang kinaharap sa buhay? Kaya mo bang isulat ang kuwento ng kanilang buhay?

Sa modyul na ito ay iyong susubukin, pagyayamanin at palalawakin ang iyong kaalaman tungkol sa isang kasanayan na alam kong lubos mong kasasabikan.

Inaasahang ikaw ay:

- Nakasusulat ng natataning kuwento tungkol sa natatanging tao sa pamayanan



O, *exciting* di ba? Alam kong gusto mo nang pag-aralan ang modyul na ito.

Halika, hasain mo ang iyong kaalaman at galing sa pagsulat. Umpisahan mo na.

## *Subukin*

*Subuking gawin ito.*

Ano na ang alam mo tungkol sa pagsulat ng kuwento tungkol sa mga natatanging tao sa pamayanan? Subukin muna natin kung hanggang saan na ang alam mo.

**Panuto:** Sumulat nang maikling kuwento tungkol sa isang natatanging tao sa pamayanan. Pumili sa loob ng kahon ang nais mong gawan ng kuwento. Isulat ito sa malinis na papel.

| | | |
|---|---|---|
| *magsasaka* | *pulis* | *kaibigan* |
| *guro* | *magulang* | *doktor* |


Binabati kita. Natapos mo ang unang pagsubok.
Alamin natin sa pahina 9 ang rubriks sa pagwawasto.
Saang antas ka nabibilang?

| | | |
|---|---|---|
| 5- | tamang sagot | – NAPAKAHUSAY |
| 4- | tamang Sagot | – MAGALING |
| 1-3 | tamang sagot | – PAGBUBUTIHAN PA |
| 0 | tamang sagot | – KAYA MO YAN |



| Modyul 9 | Kuwento Mo, Isusulat Ko! |
|---|---|

Pagsulat ng natatanging kuwento tungkol sa natatanging tao sa pamayanan



## *Balikan*

Magbalik-aral ka.

Naalala mo pa ba ang aralin bago ang modyul na ito?

Narito ang isang gawain na susukat kung gaano mo naintindihan at naisapuso ang konsepto tungkol sa mga bahagi at elemento ng kuwento.

**A. Hanapin ang limang bahagi at elemento ng kuwento sa *crossword puzzle* at isulat ito sa sagutang papel.**

| | | | | | | | |
|---|---|---|---|---|---|---|---|
| P | T | A | G | P | U | A | N |
| A | S | T | U | I | K | U | A |
| N | K | A | T | A | W | A | N |
| I | W | U | P | G | U | T | A |
| M | I | H | O | T | E | G | D |
| U | T | A | G | A | M | P | I |
| L | U | N | S | P | A | I | L |
| A | P | I | W | A | K | A | S |

**B. Ngayon, basahin sa Kolum B ang bawat pahayag na naglalarawan ng mga bahagi ng kuwento sa Kolum A. Isulat ang titik ng tamang sagot sa sagutang papel.**

| Kolum A | Kolum B |
|---|---|
| ______ 1. panimula | a. binubuo ito ng saglit na kasiglahan, tunggalian, at kasukdulan |
| ______ 2. katawan | b. ito ang katapusan at matatagpuan sa huling talata |
| ______ 3. wakas | c. ito ay matatagpuan sa unang talata at dito rin nakasalalay ang kawilihan ng mga mambabasa |

Matapos mong sagutin ang mga pagsubok, iwasto ang iyong sagot sa pamamagitan ng susi sa pagwawasto na nasa pahina 15.



*Alam ko na malalim na ang iyong kaalaman tungkol sa mga* ***bahagi ng kuwento.***

*Ngayon, handa ka na bang palawakin ang iyong kaalaman?*

*Tara, simulan na natin!*



***Mga Tala para sa Guro***

1. Mainam na bago ang araling ito ay naipakilala na ang mga bahagi ng diksyunaryo sa mga bata.
2. Alamin kung sino-sino ang may diksyunaryo sa kanilang tahanan.
3. Ipakilala rin ang elektronikong diksyunaryo bilang alternatibo king walang nakalimbag na diksyunaryo

## *Tuklasin*

Ano kaya ang kuwento sa likod ng mga taong tinaguriang natatangi?

Bago tayo magpatuloy, piliin sa loob ng panaklong ang kahulugan ng mga salita sa ibaba. Maaaring kang gumamit ng diksiyonaryo. Isulat ang titik ng tamang sagot sa iyong papel.

***Talasalitaan:***

1. ***pangarap*** – (A. ambisyon B. tampo C. problema D. hirap)
2. ***hanga***– (A. galit B. lungkot C. bilib D. sakit)
3. ***sahod***– (A. suweldo B. papel C. pagkain D. tulog)

***Basahin.***

**Panganay**

*ni Meagan Alexis A. Almasco*

Bata pa lamang ay pangarap na ni Aryana na matulungan ang kanyang pamilya. Siya ang panganay sa siyam na magkakapatid. Ang kanyang tatay ay magsasaka at nagtitinda naman ng mga kakanin ang kanyang nanay.

Hangang-hanga si Aryana sa kanyang mga guro kaya nais niyang makapagtapos ng pag-aaral upang maging katulad nila at matulungang mapag-aral ang mga nakababata niyang kapatid. Pagkatapos ng kanyang klase at tuwing wala siyang pasok ay sinasamahan niya ang kanyang nanay sa pagtitinda at tumatanggap din siya ng *tutorial* upang makadagdag sa kanilang gastusin.

Hindi nagtagal, dahil sa sipag, determinasyon at pagsusumikap ay nakapagtapos si Aryana sa kolehiyo at naging lisensyadong guro ngunit hindi pa dito natapos ang kanyang pangarap. Mula sa mga naiipon niya sa konting natitira sa kanyang sahod ay nakapag-ipon siya ng pera na kanyang

ginawang puhunan upang makapagtayo ng isang munting *restaurant* na pinangalanan niyang "Kusinang Natatangi".

Napagtapos ni Aryana ang kanyang walong kapatid. Dalawa ay naging guro katulad niya, dalawa rin ang naging pulis, isa ang naging *seaman,* dalawa ang naging doktor, at isa ang naging abogado.

Patuloy pa rin ang pagtulong ni Aryana sa mga taong nangangailangan ng tulong. Namimigay ng *scholarship* si Aryana at ang kanyang mga kapatid sa mga batang hindi nabibigyan ng pagkakataong makapag-aral.

*Naunawaan mo ba ang kuwento iyong binasa? Sige nga, sagutin mo ang mga sumusunod na tanong:*

1. Sino ang pangunahing tauhan sa kuwento?
2. Ano-ano ang mga katangiang taglay niya?
3. Pang-ilan sa magkakapatid si Aryana?
4. Ano ang ipinamimigay ni Aryana at ng kanyang mga kapatid sa mga batang hindi nabibigyan ng pagkakataong makapag-aral?
5. Maituturing bang natatanging tao si Aryana? Bakit?

| |
|---|
| Magaling! Ngayong nasagutan mo ang mga tanong, tukuyin mo kung tama o mali ang iyong mga sagot sa susi sa pagwawasto sa **pahina 15.** |

*Sa kuwentong ito, mas nabigyan ka ba ng ideya tungkol sa pagsulat ng kuwento tungkol sa natatanging tao?*

*Sa paanong paraan nito pinapaunlad ang iyong mga kaalaman?*



## *Suriin*

Narito ang mga dapat isaalang-alang sa pagsusulat ng kuwento tungkol sa isang natatanging tao sa pamayanan:



- Kilalang-kilala ang isang tao sa pamayanan
- Pamilyar sa personal na impormasyon ng natatanging tao
- May kapaki-pakinabang na ambag sa pamayanan
- May katangi-tanging katangian
- Naging inspirasyon sa ibang tao

**Tandaan**

Ang **natatanging kuwento** ay isinusulat upang magpabatid, maglahad, at magpalawak ng isang balita, impormasyon at makatotohanang pangyayari batay sa karanasan, pag-aaral, pananaliksik, at pakikipanayam. Ito ay isinusulat sa paraang kawili-wili upang lalong makahikayat sa mambabasa.


## *Pagyamanin*

Ipagpatuloy ang pagsasanay.

Handa ka na po? Simulan mo na kaibigan…

**A. Piliin ang kahon na naglalaman ng mga katangiang taglay ni Aryana at isulat sa mga puso na nasa ibaba. Gawin ito sa sagutang papel.**

| | | |
|---|---|---|
| Matulungin | Determinadong magtagumpay | Walang tiwala sa sarili |
| Masipag | Masikap | Tamad at iniaasa ang mga gawain sa iba |



**B. Punan ng angkop na detalye ang *graphic organizer* batay sa kuwentong binasa na pinamagatang "Panganay". Isulat ang sagot sa sagutang papel.**

**Pamagat**


______________________________________________

**Tagpuan**


______________________
______________________
______________________

**Pangunahing Tauhan**

______________________
______________________
______________________




**C. Mula sa mga inilagay na detalye sa *graphic organizer*, isulat ito sa anyong patalata. Gawin sa iyong sagutang papel.**



Matapos itong gawin, gamitin ang *rubrics* o pamantayan sa pagmamarka sa tulong ng iyong kaklase, magulang o kapatid.

| **Elemento** | **5** *(Napakagaling)* | **4** *(Magaling na Magaling)* | **3** *(Magaling)* | **2** *(Katam-taman)* | **1** *(Sanayin pa)* |
|---|---|---|---|---|---|
| Malinaw ang gustong ipahayag | | | | | |
| May mga sumusuportang detalye | | | | | |
| Nakapagbigay ng tama at kumpletong detalye | | | | | |
| Gamit ng salita, baybay at bantas | | | | | |
| Oras ng pagtapos sa gawain | | | | | |
| **KABUOAN** | | | | | |

**Magaling!** Matapos mong sagutin ang mga pagsubok, tingnan kung ito ay tama o mali sa pahina ng susi sa pagwawasto sa pahina 15.

## *Isaisip*

Isiping mabuti…

**Isulat ang TAMA kung ang pahayag ay nagsasaad ng katotohanan at MALI naman kung hindi. Isulat ang sagot sa sagutang papel.**


__________1. Ang natatanging kuwento ay isinulat upang magpabatid, maglahad, at magpalawak ng isang balita, impormasyon at makatotohanang pangyayari.

__________2. Isinusulat ang natatanging kuwento sa paraang kawili-wili upang lalong makahikayat sa mambabasa.

__________3. Ang yaman ng tao ay ang dapat lamang na isaalang-alang upang makasulat ng isang kuwento.

__________4. Upang makasulat ng kuwento tungkol sa isang natatanging tao sa pamayanan kinakailangang may katangi-tangi siyang katangian.

__________5. Walang magandang maidudulot ang pagsusulat ng kuwento.



## *Isagawa*

Upang lubos na masanay ka sa pagsulat ng natatanging kuwento tungkol sa natatanging tao sa pamayanan, isagawa ang gawain sa ibaba.

**A. Basahin nang mabuti ang kuwento at tukuyin kung anong bahagi ito. Isulat ang sagot sa sagutang papel.**

**Simpleng Pangarap**
***ni Meagan Alexis A. Almasco***

1. ____________

Si Tomas ay isang batang ulila na kasalukuyang nasa ikaapat na baitang sa Paaralang Elementarya ng San Nicolas, Lungsod Iriga. Bata pa lamang siya ay namatay na ang kaniyang mga magulang sa hindi inaasahang aksidente. Kinupkop siya ng kaniyang tiyahin at pinag-aaral kapalit ng kanyang serbisyong paglilinis, pagluluto, at paglalaba.

2. ____________

Hindi ito ikinahiya at ikinahina ng loob ni Tomas. Kahit na napakarami ng kanyang gawain araw-araw ay ipinagpapasalamat pa rin niya na nasa mabuti siyang kalagayan, nakakakain ng tatlong beses sa isang araw at higit sa lahat, nakapag-aaral.

Ayaw na ayaw lumiban sa klase ni Tomas at madalas ay madaling araw na kung matulog dahil sinisigurado niya na siya ay nakapag-aral ng kanyang aralin.

3. ____________

Minsan sa paaralan, tinanong siya ng kanyang kamag-aral kung ano ang kanyang sikreto at kung bakit siya ang nangunguna sa klase at halos lahat ng mga pagsusulit ay kanyang nasasagot nang tama sa kabila ng napakarami niyang gawain. “Gusto kong matulungan at mapasaya ang aking tiya, yan ang aking simpleng pangarap,” sagot ni Tomas.

4. ____________

**B. Sagutin ang mga katanungan batay sa kuwentong pinamagatang "Simpleng Pangarap". Isulat ang titik ng tamang sagot sa sagutang papel.**

5. Nasa anong baitang na si Tomas?
    a. ikatlong baitang
    b. ikaapat na baitang
    c. ikalimang baitang
    d. ikaanim na baitang

6. Saan nag-aaral si Tomas?
    a. Paaralang Elementarya ng San Nicolas
    b. Paaralang Elementarya ng San Isidro
    c. Paaralang Elementarya ng San Antonio
    d. Paaralang Elementarya ng La Medalla

7. Sino ang kumupkop kay Tomas?
    a. lola
    b. tiya
    c. pinsan
    d. kapatid

8. Maliban sa isa, ano-ano ang kapalit ng pagkupkop sa kanya?
    a. paglilinis
    b. pagluluto
    c. paglalaba
    d. pagtitinda

9. Bakit ayaw na ayaw lumiban sa klase ni Tomas at madalas ay madaling araw na siya kung matulog?
    a. Tuwing gabi ay naglalaro siya ng *cellphone.*
    b. Sinisigurado niya na siya ay nakapag-aral ng aralin.
    c. Naglalaba siya upang kumita ng pera.
    d. Siya ay nagtitinda ng kakanin sa labas.

10. Para kanino ang pangarap ni Tomas?
    a. sa kanyang tiya
    b. sa kanyang kapatid
    c. sa kanyang kaklase
    d. sa kanyang guro

*Bilib na talaga ako sa iyo. Nasagutan mo ang lahat ng pagsasanay. Iwasto mo ang iyong mga kasagutan sa pahina 15.*

*Anong naramdaman mo matapos malaman ang resulta ng iyong pagsisikap?*

☹ ☺ 😐



## *Tayahin*

Pumili ng isang natatanging mong kaibigan. Ibahagi ang alam mo sa kanya at kung paano siya nagtatagumpay sa kaniyang pag-aaral o sa buhay. Sumulat ng natatanging kuwento tungkol dito sa iyong sagutang papel.

**Pamagat**

Magaling! Matapos mong sagutin at gawin ang pagsubok, tingnan ang *rubrics* o pamantayan sa pagmamarka sa pahina 9.





## *Karagdagang Gawain*

Hanggang saan na ba ang iyong kahusayan sa pagsulat ng natatanging kuwento? Para hindi mo makalimutan, magsanay ka pa.


**Sumulat ng isang natatanging kuwento tungkol sa isang nanay na nagsusumikap na mapag-aral at mapagtapos ang mga anak sa kabila ng kahirapang nararanasan ng kanilang pamilya. Gawin ito sa iyong sagutang papel.**

______________________________________________

**Pamagat**

______________________________________________________________
______________________________________________________________
______________________________________________________________
______________________________________________________________
______________________________________________________________
______________________________________________________________
______________________________________________________________
______________________________________________________________
______________________________________________________________

Matapos itong gawin, gamitin ang rubrics o pamantayan sa pagmamarka sa pahina 9 sa tulong ng iyong kaklase, magulang o kapatid.



# *Susi sa Pagwawasto*

## Subukin

(sumangguni sa *rubrics* o pamantayan sa pagmamarka sa pahina 9)

## Balikan

A.

| | | | | | | | |
|---|---|---|---|---|---|---|---|
| P | T | A | G | P | U | A | N |
| A | S | T | U | I | K | U | A |
| N | K | A | T | A | W | A | N |
| I | W | U | P | G | U | T | A |
| M | I | H | O | T | E | G | D |
| U | T | A | G | A | M | P | I |
| L | U | N | S | P | A | I | L |
| A | P | I | W | A | K | A | S |

B.

1. C
2. A
3. B

## Tuklasin

A. Talasitaan
1. A
2. C
3. A

Sagot:
1.Aryana
2. masipag, determinado, masikap, matulungin
3. panganay
4. scholarship
5. Depende sa pagwawasto ng guro.

## Pagyamanin

A.

1. matulungin
2. determinadong magtagumpay
3. masipag
4. masikap

B at C.

(sumangguni sa *rubrics* o pamantayan sa pagmamarka sa pahina 9)

## Isaisip

1. TAMA
2. TAMA
3. MALI
4. TAMA
5. MALI

## Isagawa

A.
1.PAMAGAT
2.PANIMULA
3.KATAWAN
4.WAKAS

B.
1.A 2. B 3. D 4. B 5. A

## Tayahin

sumangguni sa *rubrics* o pamantayan sa pagmamarka sa pahina 9)

## *Sanggunian*

1. Lanza, J. *Pagsulat ng Natatanging Kuwento*, Filipino 4. Gabay ng Guro. Unang Markahan-Ikalawang, Linggo, Unang Araw. 2019. Bacolod City: SDO Bacolod City, Department of Education. Pp.1-9

**Para sa mga katanungan o puna, sumulat o tumawag sa:**

Department of Education - Bureau of Learning Resources (DepEd-BLR)

Ground Floor, Bonifacio Bldg., DepEd Complex
Meralco Avenue, Pasig City, Philippines 1600

Telefax: (632) 8634-1072; 8634-1054; 8631-4985

Email Address: blr.lrqad@deped.gov.ph * blr.lrpd@deped.gov.ph